Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

SANGGUNIANG RECORDED BY: W DATE 3-31 STA. CRUZ, LAGUNA

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-17 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EDGARDO T. PORCA ............ Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ Pang. Punong Bayan
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 069-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY POBLACION V NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NARAAN TATLUMPU'T PITONG LIBO PITONG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO AT ANIM NA SENTIMOS (P637,752.06).

SAPAGKA'T, ang nabanggit na badyet ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet sa mga barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Kgg. Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Pob. V;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Florencio C. Odejar, Angelito U. Limjuco, Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang taunang badyet ng Barangay Poblacion V ng bayang ito na nagkakahalaga ng P637,752.06.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EDGARDO T. PORCA
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan